

# Mga Bakuna para sa Taglagas at Taglamig

## Bakit mahalaga ang mga bakunang ito?

Binabawasan ng mga bakuna para sa COVID-19, Influenza (trangkaso) at Respiratory Syncytial Virus (RSV) ang panganib ng malubhang sakit. Maaari mong makuha nang magkakasabay ang lahat ng tatlong bakuna.

## Bakuna

### Influenza



Tina-target ang 4 na strain ng virus ng influenza.

## Sino ang inirerekomendang makakuha nito?

Ang **lahat ng 6 na buwan at pataas** ay dapat makakuha ng dosis, kahit na ang mga taong may alerhiya sa itlog.

Ang **mga batang 8 taon at mas bata** ay dapat magkaroon ng dalawang dosis sa kanilang unang season.

### COVID-19



Na-update para ma-target ang XBB, isang subvariant ng Omicron.

Makakakuha ng updated na mga bakuna ng Moderna, Pfizer at Novavax.

Inirerekomenda ng CDC na kumuha ng updated na bakuna para sa COVID-19 **ang lahat ng 6 na buwan at pataas** sa loob ng hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.

- Ang karamihan ng mga taong hindi pa nabakunahan ay kailangan ng isang dosis ng Pfizer/Moderna o dalawang dosis ng Novavax para maituring na up-to-date.
- Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang na hindi pa nababakunahan ay inirerekomenda pa ring makuha ang alinman sa dalawa o tatlong dosis ng bakuna para sa COVID-19.

### RSV <sup>1</sup>



Tina-target ang Respiratory Syncytial Virus (RSV). Ang RSV ay maaaring magdulot ng malubhang sakit sa baga sa mga sanggol at mas matatanda na nasa hustong gulang.

Ang **mga nasa hustong gulang na 60 at pataas** ay dapat tanungin ang kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan/pharmacist tungkol sa bakuna para sa RSV.

Ang **mga buntis na tao** ay dapat makakuha ng dosis sa pagitan ng 32 at 36 na linggo sa panahon ng RSV season (makatanggap ang sanggol ng proteksyon na magtatagal nang ilang buwan pagkatapos ipanganak).

<sup>1</sup> Kung hindi kukuha ng bakuna para sa RSV ang isang buntis na tao, inirerekomendang makakuha ng isang dosis ng RSV monoclonal antibody ang sanggol. Ang mas matandang mga sanggol/toddler na hanggang 19 na buwan at mas mataas ang panganib ay inirerekomenda ring kumuha ng dosis.

